5

# Modelong Banghay- Aralin sa GMRC

Kuwarter 1

Aralin 3

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa GMRC 5**
**Kuwarter 1: Aralin 3 Linggo 3**
**SY 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Kurriculum sa School Year 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Bumuo sa Pagsusulat**
**VENICRIS M. ALONSOZANA**
De La Salle University – Dasmarinas

**Tagasuri**
**LIZA T. BACIERRA**
Leyte Normal University

**Management Team**
Philippine Normal University
Research Center for Teacher Quality
SiMERR National Research Center

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

**MODELONG BANGHAY ARALIN**

**GMRC, UNANG KUWARTER, ANTAS 5 (Linggo 3)**

| ***I.*** **NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| ***A.*** **Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pag-iimpok bilang paghahanda sa sariling kinabukasan. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang mga pagkilos sa pag-iimpok para sa sariling kinabukasan bilang tanda ng pagiging maagap. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Nakapagsasanay sa pagiging maagap sa pamamagitan ng pagtupad ng plano ng pagkonsumo o paggastos sa loob ng isang linggo nang may pagsasaalang-alang sa mga bagay na iipunin ayon sa sariling kakayahan<br>a. Nailalarawan ang mga gawain ng pag-iimpok para sa sariling kinabukasan<br>b. Naipaliliwanag na ang pag-iimpok bilang paghahanda sa sariling kinabukasan ay kailangang malinang upang matugunan ang mga kakaharaping pangangailangan sa iba’t ibang situwasyon<br>c. Nakapaglalapat ng mga gawaing pag-iimpok para sa sariling kinabukasan |
| **C. Nilalaman** | Pag-iimpok Bilang Paghahanda sa Sariling Kinabukasan |
| **D. Lilinanging Pagpapahalaga** | Maagap *(Promptness)* |
| **E. Integrasyon** | Iba’t ibang uri ng pamumuhunan sa buhay |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| Mga Sangguniang Gagamitin sa Aralin: |
| Dela Cruz, F.M. & Quijano, Y.S. (n.d.). *Edukasyong pagpapakatao: teaching guide on financial literacy.* Manila: Banko Sentral ng Pilipinas |
| Department of Education (n.d.). *MATATAG Curriculum: Good Manners and Right Conduct (GMRC) (Baitang 1-6) Values Education (VE) (Baitang 7-10)* |

Gonzaga, C.L. (2 December 2017). *Detailed lesson plan ugnayan ng kita, pagkonsumo at pag iimpok*. Retrieved March 15, 2024, from https://www.slideshare.net/CrystalLynnGonzaga/detailed-lesson-plan-ugnayan-ng-kita-pagkonsumo-at-pag-iimpok-83158252

Villanueva, V.M. (2018). *#ABKD: Ako bibo kase dapat: alpabeto ng inobatibo at makabagong guro ng Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino.* Makati: VMV Publishing House

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br><br>**MAIKLING BALIK-ARAL**<br><br>**Maala-ala mo kaya.** May magandang alaala ka ba o may maalala ka na mahalagang pangyayari sa iyong buhay ayon sa nakasaad na mga yugto? Magbigay kahit isa lamang bawat yugto. Isulat ito sa patlang. | Maaaring tumawag ng ilang mag-aaral upang magbahagi ng sagot. Lagumin ang talakayan sa pagsabi:<br><br>"Sa susunod na mga yugto ng ating buhay tayo ay mag-ipon ng magandang mga alaala at mahahalagang pangyayari sa ating buhay". |

| | 1 – 3 edad | 4 – 6 edad | 7 – 13 edad |
|---|---|---|---|
| Mga magandang alaala o mahalagang pangyayari | | | |

| | | |
|---|---|---|
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. PAGLINANG SA KAHALAGAHAN SA PAGKATUTO SA ARALIN** | |

| | | |
|---|---|---|
| | **Maikling Dula.**<br><br>SI MARIO AT SI MINA<br>*Tagapagsalaysay: Uwian na. Pauwi na sina Mina at Mario. Habang naglalakad, pakinggan ang kanilang usapan.*<br>Mina: Uy, Mario, sabay na tayo.<br>Mario: Oo, Mina. Sabay na tayo. Pero, teka, dadaan lang ako sandali sa tindahan.<br>Mina: Ano ba ang bibilihin mo?<br>Mario: Bibili lang ako ng potato chips at soft drinks.<br>Mina: Naku, huwag iyon. Di mo ba alam? Masama sa atin ang mga iyon. Mabuti pa, prutas ang bilhin mo. Pagkatapos, uminom ka na lang ng maraming tubig.<br>Mario: Hindi ko naman madalas gawin ito.<br>Mina: Pero diyan nag-uumpisa ang pagnanais na lagi kang kumain nito. Naalaala mo ba ang napanood natin sa telebisyon?<br>*Tagapagsalaysay: Titigil sa paglalakad si Mario at magkakamot ng ulo.*<br>Mina: Iyong batang nagkasakit sa bituka dahil sa sobrang pagkain ng *junk food*?<br>Mario: Kunsabagay, oo nga ano? Maalat at marami ngang sangkap ang potato chips na masama sa katawan natin. Sige, sa bahay na lang ako kakain. Tiyak, may prutas sa amin.<br>*Tagapagsalaysay: Mag hi-high five sina Mario at Mina.*<br>Mario: Kailangan nga pala, walong basong tubig ang iniinom natin araw-araw.<br>Mina: Kailangang sundin natin ang mga wastong gawi sa pagkain upang hindi tayo magkasakit. Paano tayo makapagtitipid at makakapag-impok kung magkakasakit tayo?<br>*Tagapagsalaysay: Sabay na maglalakad ulit ang dalawa.*<br>Mario *(sasabihin ng malakas):* Oo nga. Paano tayo makapagtitipid at makakapag-impok kung magkakasakit tayo? Pag nagkasakit tayo, tiyak, ubos ang ipon nina Nanay at Tatay.<br>Mina: Kumain rin tayo sa tamang oras para malayo tayo sa sakit.<br>Mario: Tama ka, Mina. Kung walang magkakasakit sa ating pamilya, makatitipid tayo sa gastusin at tuluy-tuloy ang pagiimpok ng ating pamilya para sa ating kinabukasan.<br>Mina: Oo. Kahit sa ganitong paraan man lamang ay makapagtitipid at makakapag-impok tayo. O, sige, dito na ako. Bukas uli. | Pumili ng tatlong mag-aaral na gaganap bilang: Tagapagsalaysay, si Mario, at si Mina. Itanghal ang maikling dula.<br><br>Bigyan diin ang sasabihin ni Mina at Mario: “Paano tayo makapagtitipid at makakapag-impok kung magkakasakit tayo?”, at iugnay ang layunin ng pagkatuto ng aralin: ang pag-iimpok para sa sariling kinabukasan. |

| | | |
|---|---|---|
| | Mario: Sige, sabay tayo uli bukas.<br><br>Gabay na Tanong:<br><br>Bakit pinigilan ni Mina si Mario na bumili ng potato chips at soft drinks? Magbigay ng dalawang dahilan.<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br><br>**2. PAGHAWAN NG BOKABOLARYO SA NILALAMAN NG ARALIN**<br><br>**Pagmuni-muni.** Mula sa Dula, sagutin ang sumusunod na tanong.<br><br>Paano naunawaan ni Mario na mali ang kaniyang gagawin?<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br><br>Nagkaroon na ba ng pagkakataon sa buhay mo na kailangan mong mamili kung *junk food* o wastong pananghalian ang iyong kakainin? Ano ang iyong ginawa?<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br><br>Ano ang naramdaman mo sa ginawang pagpili?<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________ | Tumawag ng lima hanggang sampung mag-aaral upang magbahagi ng kanilang sagot. Bigyan pansin ang mga sasabihin nilang mga kataga:<br>Pagtitipid<br>Pag-impok<br>Kinabukasan<br>Pagiging maagap |

| | | |
|---|---|---|
| | Kung bibigyan ka ng isa pang pagkakataon, uulitin mo ba ang ginawa mo? Bakit?<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br><br>Paano mo ipamamahagi sa iba ang mga natutuhan mo?<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________ | |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWANG ARAW**<br><br>**KAUGNAY NA PAKSA 1:** Edukasyon at Kaalaman sa Pagtitipid at Pag-iimpok<br><br>**PAGPROSESO NG PAG-UNAWA**<br><br>***Survey.*** Magtala ng sagot ng bawat mag-aaral sa tanong: Sino sa inyo ang kumakain ng tirang ulam at pagkain? Isulat at Itala ang kanilang dahilan.<br><br>Tala ng Mag-aaral. Isulat ang iyong Pangalan _____________________________ | |

| Kumakain ka ba ng tirang ulam at pagkain? (Lagyan ng tsek) | | Bakit? |
|---|---|---|
| OO | HINDI | |
| | | ____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________ |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
Tala ng buong klase (isulat ang numero kung ilan):<br><br>
<table>
<tr><td colspan="2">Kumakain ka ba ng tirang ulam at pagkain?<br>(bilangin ang magtataas ng kamay)</td></tr>
<tr><td>OO</td><td>HINDI</td></tr>
<tr><td></td><td></td></tr>
</table>
<br>
Pagmuni-muni. Sagutin ang sumusunod na mga tanong.<br><br>
1. Ano ang naitalang pinakamaraming dahilan kung bakit kumakain ng mga tirang pagkain?<br>
______________________________<br>
______________________________<br>
______________________________<br><br>
2. Ano ang naitalang pinakamaraming dahilan kung bakit hindi kumakain ng tirang pagkain?<br>
______________________________<br>
______________________________<br>
______________________________<br><br>
3. Ano ang mangyari kung hindi kakainin ang mga tirang pagkain?<br>
______________________________<br>
______________________________<br>
______________________________<br><br>
PINATNUBAYANG PAGSASANAY<br><br>
B.T.S. (Basa-Tanong-Sagot). Basahin ang maikling kuwento at sagutin ang mga gabay na tanong.
</td>
<td>Talakayin ang kahalagahan at kabutihang dulot ng pagtitipid sa paghahanda at pagluluto ng pagkain.</td>
</tr>
</table>

Mula *IMPULSE BUYER to WISE SAVER:* Ang Kuwento ni Emil

Si Emil ay dating isang *impulse buyer* o isang tao na basta may pera ay bili ng bili hanggang maubos ang pera. Tuwing araw ng suweldo si Emil ay bili ng bili at kadalasan ay nauubos ang kaniyang pera kahit matagal pa ang susunod na sweldo. Ang pera ni Emil ay ginagamit niya na pagbili ng mga bagay upang mapunan ang kaniyang pangangailangan at madalas na kaniyang mga kagustuhan. Isang araw ay hindi niya napansin na naubos na niya ang kaniyang pera at sobrang tagal pa ang susunod na suweldo. Bigla siyang kinabahan at nalungkot dahil wala siyang *savings* o ipon o sariling kitang hindi ginamit o nakatabi. Dahil dito, siya ay nangako na magtitipid na at mag-iimpok. Sa sumunod na mga suweldo ay nagtatabi at nag-iipon siya ng kaunti, at dumating ang panahon pumunta siya sa banko para ilagak ang perang hindi nagastos sa pagkonsumo o pangangailangan. Laking tuwa ni Emil nang makakuha siya ng interest o dibidendo o ang tawag sa kita na binibigay ng bangko mula sa naipong pera na inilagak sa loob ng tatlong buwan. Dahil dito si Emil ay naging *wise saver* at hindi na niya tinigilan magtipid at mag-impok.

**Pagkakakilanlan.** Mula sa binasa, tukuyin kung ano ang inilalarawan ng sumusunod na bilang. Isulat ang sagot sa patlang.

_______________1. Ano ang tawag sa isang tao na basta may pera ay bili ng bili hanggang maubos ang pera.
_______________2. Ito ay ang ginagamit na pagbili ng mga bagay na kinakailangan upang mapunan ang pangangailangan o kagustuhan ng tao.
_______________3. Ito ay tumutukoy sa kitang hindi ginamit sa pagkonsumo o pangangailangan.
_______________4. Dito inilalagak ang perang hindi nagastos sa pagkonsumo o pangangailangan.
_______________5. Ang tawag sa kita na binibigay ng bangko mula sa naipong pera na inilagak sa loob ng tatlong buwan.

Tamang Sagot:

1. *Impulse Buyer*
2. Pera
3. *Savings* o ipon
4. Bangko
5. *Interest* o dibidendo

<table>
<tr>
<td></td>
<td>

**PAGLALAPAT AT PAG-UUGNAY**

**Isang Tanong Pinakamagandang Sagot.** Naglinis ka ng buong bahay at nakapagtabi ka ng maraming bote ng *mineral water*, lumang bakal na naka-imbak, at lumang pahayagan na malaking kilo ang bigat. Ano ang iyong gagawin sa mga ito at bakit?

Sagot: ______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

Pinakamagandang sagot ng klase (sagot ni______________________):
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

**IKATLONG ARAW**

**KAUGNAY NA PAKSA 2:** Matalinong Paghahanda, Pamamahala at Pagtitipid ng *Resources*

**PAGPROSESO NG PAG-UNAWA.**

</td>
<td>

Tumawag ng sampung mag-aaral upang magbahagi ng sagot. Itala ang sagot sa pisara at piliin ang pinakamagandang sagot ng buong klase sa pamamagitan ng botohan. Isulat ang pinakamagandang sagot at ang pangalan ng nagbigay ng sagot sa sagutang papel.

Purihin ang mga mag-aaral na magsasabi sa talakayan na ibebenta nila at iipunin amg pera para sa kanilang kinabukasan.

</td>
</tr>
</table>

<table>
<tr>
<td></td>
<td>

**B.T.S. (Basa-Tanong-Sagot).** Basahin ang talakayan sa dalawang larawan at sagutin ang tanong sa susunod na mga gawain.




Sagutin ang sumusunod na tanong.

Pumili ng isang larawan at sabihin kung ano ang pinag-usapan ng magkakapatid?

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

Sa isang larawan na hindi pinili, sabihin kung anong uri ng pag-iimpok ang binabanggit sa larawan?

____________________________________________________________

</td>
<td>

Mga Inaasahang Sagot:
Pag-iingat ng gamit upang hindi masira at makaipon.

Pag-iimpok sa alkansya ng natitirang baon.

Paghulog sa banko ng naimpok na pera.

Pagsabi ng kuya na mag-impok.

</td>
</tr>
</table>

**PINATNUBAYANG PAGSASANAY**

***P.S.143.*** Pagsulat ng Sanaysay na isang talata lamang at hindi hihigit sa apat at hindi bababa sa tatlong pangungusap. Gamiting sanggunian ang larawan sa Pagproseso ng Pag-unawa at gumawa ng sanaysay ayon sa gabay na tanong. Lagyan ng angkop na pamagat ang sanaysay. Ang sagot ay mamarkahan sa pamamagitan ng nakapaloob na rubrik.

Sa inyong mag-anak, anu-anong paraan ng pag-iimpok ang ginagawa?

(pamagat)

Rubriks sa Pagsusuri:

| 50% para sa Nilalaman at Diwa (Pumili ng isa at lagyan ng tsek at isulat ang marka sa baba) | 50% para sa Kabuoang Kaayusan (Pumili ng isa at lagyan ng tsek at isulat ang marka sa baba) |
|---|---|

Markahan ang sagot sa pamamagitan ng nakapaloob na rubrik.

Pumili ng limang pinakamagandang sagot na may pinakamataas na marka at ibahagi sa harap ng klase.

| | | | |
|---|---|---|---|
| | 50% Napakahusay na nilalaman at diwa | | 50% Napakahusay na kabuoang kaayusan |
| | 40% Mahusay na nilalaman at diwa | | 40% Mahusay na kabuoang kaayusan |
| | 30% Mayroong nilalaman at diwa | | 30% Mayroong kabuoang kaayusan |
| | 20% Hindi mahusay na nilalaman at diwa | | 20% Hindi Mahusay na kabuoang kaayusan |
| | 10% Walang nilalaman at diwa | | 10% Walang kabuoang kaayusan |
| ______ | PLUS | _____ | KABUOANG MARKA: |

**PAGLALAPAT AT PAG-UUGNAY.**

**Pagmuni-muni.** Balikan ang larawan ng magkapatid sa Pagproseso ng Pag-unawa at sagutin ang mga tanong.

Nagpakita ba ng paggalang sa nakatatanda ang dalawang bata sa larawan? Paano?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

Paano ninyo ipinakikita ang paggalang sa inyong nakatatandang kapatid lalo na sa paraan ng pag-iimpok?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

**IKAAPAT NA ARAW**

Maaaring bumuo ng grupo na may limang kasapi at magbahagi ng mga sagot. Kumuha ng lider na maglalagom at magbabahagi sa klase ng sagot ng grupo.

| | | |
|---|---|---|
| | **KAUGNAY NA PAKSA 3:** Mga Hamon at Hadlang sa Pagtitipid para sa Kinabukasan<br><br>**PAGPROSESO NG PAG-UNAWA**<br><br>**B.T.S. (Basa-Tanong-Sagot).** Basahin ang maikling kuwento at sagutin ang mga gabay na tanong.<br><br>MATIPID NA, MATAPAT PA<br><br>Si Nelson ay isang batang matipid at matapat. Hindi siya gumagastos para sa mga walang kuwentang bagay. Sa halip, iniipon niya ang labis niyang pera at inilalagak sa alkansyang kawayan.<br>Minsan inutusan si Nelson ng kaniyang ina na bumili ng ulam para sa hapunan nila. Hindi inakala ni Nelson na may sukli pa siya sa tatlumpung pisong ibinayad niya. Natuwa siya sabay bulsa ng sukli. Habang naglalakad pauwi, naisip ni Nelson na kupitin ang pera ngunit kaniyang naalala na ang perang ipinambili niya ay kita ng ina sa paglalako ng paninda sa palengke.<br>Ano sa palagay mo ang ginawa ni Nelson?<br>Pagdating ng bahay, iniabot niya ang sukli sa ina. "Matapat ka, anak. Kunin mo na ito at idagdag sa alkansya mo," pahayag ng ina.<br><br>Gabay na Tanong:<br><br>1. Ano ang masamang naisip ni Nelson sa sukli mula sa ibinayad niya?<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br><br>2. Paano naiwasan ni Nelson ang naisip niyang maling gawain?<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br><br>**PINATNUBAYANG PAGSASANAY** | Inaasahang sagot:<br><br>1. Kupitin ang pera<br><br>2. Naalala ni Nelson ang perang ipinambili niya ay kita ng ina sa paglalako ng paninda sa palengke kaya ito ay kaniyang isinauli sa nanay niya.<br><br>Bumuo ng pangkat na may limang miyembro. Mag-isip ng pangalan ng grupo at pumili ng |

**Panggrupong Pagsasanay.** Sa kuwento ni Nelson, muntik nang maging hadlang sa kaniyang pag-iimpok ang balak niyang pagkupit sa pera. Mabuti na lang at ito ay hindi natuloy. Mag-isip ng isa pang konkretong hadlang kung bakit hindi tayo nakakaipon para sa ating kinabukasan. Magbigay ng mga tumpak na solusyon para ito maiwasan.

Hadlang sa pagtitipid para sa kinabukasan:

Tumpak na solusyon para ito maiwasan:

Panggrupong Rubriks sa Pagsusuri:

Pangalan ng Grupo:

| 50% para sa aktibong paggawa ng bawat kasapi (Pumili ng isa habang gumagawa ang lahat ng pangkat at lagyan ng tsek at isulat ang marka sa baba) | | 50% para sa Kabuoang Kaayusan, nilalaman at diwa (Pumili ng isa at lagyan ng tsek at isulat ang marka sa baba) | |
|---|---|---|---|
| | 50% Lahat ng kasapi ay aktibong gumagawa | | 50% Napakahusay na kabuoang kaayusan, nilalaman at diwa |
| | 40% Apat na kasapi ang aktibong gumagawa | | 40% Mahusay na kabuoang kaayusan, nilalaman at diwa |

pinuno na magbabahagi ng sagot sa harap ng klase.

Gumamit ng Panggrupong Rubriks sa pagmamarka ng pagsasanay.

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
<table>
<tr><td></td><td>30%  Tatlong kasapi ang aktibong gumagawa</td><td></td><td>30% Mayroong kabuoang kaayusan, nilalaman at diwa</td></tr>
<tr><td></td><td>20%  Dalawang kasapi ang aktibong gumagawa</td><td></td><td>20% Hindi mahusay na kabuoang kaayusan, nilalaman at diwa</td></tr>
<tr><td></td><td>10%  Isang kasapi ang aktibong gumagawa</td><td></td><td>10% Walang kabuoang kaayusan, nilalaman at diwa</td></tr>
<tr><td colspan="3">______ PLUS ______</td><td>KABUOANG MARKA: </td></tr>
</table>
<br>
PAGLALAPAT AT PAG-UUGNAY<br><br>
Pagmuni-muni. Sa Kuwento ni Nelson, maagap at agad niyang naiwasan ang maling balak na naisip.  Ano sa iyong palagay ang maaaring mangyari kung ito ay kaniyang ginawa? Isulat ang iyong sagot sa patlang:<br>
______________________________________________________<br>
______________________________________________________<br>
______________________________________________________<br>
______________________________________________________<br>
______________________________________________________<br>
______________________________________________________
</td>
<td>Tumawag ng mga mag-aaral na gustong magbahagi ng sagot. Ilagom ang talakayan sa pagsasabi: “Ang maagap na paggawa ng mga wastong gawi ay malaki ang tulong sa pag-iwas sa mga hadlang sa ating pagtitipid sa buhay”.</td>
</tr>
<tr>
<td>D.  Paglalahat</td>
<td>
PABAONG PAGKATUTO<br><br>
Tama-Mali-Dahilan (T.M.D). Sabihin ang “Tama” kung ikaw ay sumasang-ayon o “Mali” kung hindi sumasang-ayon kung ang sumusunod ay mga kilos na nagpapahalaga sa pag-iimpok bilang paghahanda sa sariling kinabukasan o nagpapakita ng pagiging maagap bilang isang kilos na pagpapahalaga. Isulat ang “Dahilan” kung bakit ito ang iyong sagot.<br><br>
<table>
<tr><td rowspan="2">Mga kilos na nagpapahalaga sa pag-iimpok bilang paghahanda sa</td><td colspan="2">Lagyan ng “tsek”</td><td rowspan="2">DAHILAN</td></tr>
<tr><td>TAMA</td><td>MALI</td></tr>
</table>
</td>
<td>Ang Pabaong Pagkatuto at Pagninilay sa Pagkatuto ay parehong gawaing indibidwal. Bigyan ang klase ng 15 minuto para sumagot.<br><br>Maaaring tumawag ng ilang mag-aaral para magbahagi ng kanilang sagot para sa</td>
</tr>
</table>

| | | | |
|---|---|---|---|
| sariling kinabukasan o nagpapakita ng pagiging maagap bilang isang pagpapahalaga | | | |
| 1. Mag-iipon ako at mag-iimpok para sa kinabukasan ng iba. | | | |
| 2. May ginagawang mali ang aking matalik na kaibigan, mamaya ko pagsasabihan. | | | |
| 3. Walang gantimpala ang pagiging matapat at maagap, kundi "salamat". | | | |
| 4. Walang gantimpala ang pag-iimpok para sa sarili, kundi "salamat". | | | |
| 5. Anumang sobra, lalo sa pera, ay dapat na maagap nating ipunin o iimpokin. | | | |

**PAGNINILAY SA PAGKATUTO**

talakayan ng aralin bago ang huling pagsusulit.

| | | |
|---|---|---|
| | **Balik-Tanaw sa Kabutihang Asal at Wastong Pag-uugali.** Magnilay at sagutin ang sumusunod.<br><br>Bilang mag-aaral na may Kabutihang Asal (ikaw iyon), ano pang Kabutihang Asal ang iyong natutuhan sa Araling ito?<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br><br>Anong pag-uugali ang ginagawa mo ngayon na dapat mong iwasto kaugnay sa iyong natutuhan na Kabutihang Asal sa aralin?<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________ | |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **PAGSUSULIT**<br><br>**Maalaala mo kaya.** Balikan ang iba't ibang karakter na natalakay sa Aralin. Naranasan mo rin ba ang kanilang situwasyon? Anong kabutihang asal at wastong pag-uugali ang iyong ginawa? Pumili ng tatlong (3) karakter lamang at isulat ang sagot sa mga patlang. Markahan ang sagot ayon sa rubriks na nakapaloob. | |

| Sitwasyon nina: | Kabutihang Wastong Pag-uugali na Aking Ginawa: |
|---|---|
| Mina | ________________<br>________________<br>________________ |

| | |
|---|---|
| Mario | ______________________________<br>______________________________<br>______________________________ |
| Emil | ______________________________<br>______________________________<br>______________________________ |
| Nakatatandang kapatid | ______________________________<br>______________________________<br>______________________________ |
| Nakababatang kapatid | ______________________________<br>______________________________<br>______________________________ |
| Nelson | ______________________________<br>______________________________<br>______________________________ |

Rubriks sa Pagsusuri:

| 50% para sa Nilalaman at Diwa (Pumili ng isa at lagyan ng tsek at isulat ang marka sa baba) | | 50% para sa Kabuoang Kaayusan (Pumili ng isa at lagyan ng tsek at isulat ang marka sa baba) | |
|---|---|---|---|
| | 50% Napakahusay na nilalaman at diwa | | 50% Napakahusay na kabuoang kaayusan |
| | 40% Mahusay na nilalaman at diwa | | 40% Mahusay na kabuoang kaayusan |
| | 30% Mayroong nilalaman at diwa | | 30% Mayroong kabuoang kaayusan |
| | 20% Hindi mahusay na nilalaman at diwa | | 20% Hindi Mahusay na kabuoang kaayusan |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | 10% Walang nilalaman at diwa | | 10% Walang kabuoang kaayusan |
| ______ PLUS ______ | | KABUOANG MARKA: | |

**GAWAING PANTAHANAN/TAKDANG-ARALIN**

***J.S. From (Journal-Survey from Mon-Sun).*** Bago matulog araw araw sa susunod na buong linggo ay matapat na sagutin ang pansariling pagtataya ng ilang oras ginamit ang lahat na nakalistang gamit at pag-iimpok na nagawa sa buong linggo.

| | Fri | Mon | Tues | Wed | Thurs |
|---|---|---|---|---|---|
| Ilang oras ko ginamit ang:<br>*Cellphone*<br>*Gadget (laptop/ ipod*)<br>Kompyuter<br>(puwedeng sabihing "wala") | | | | | |
| Magkano ang naipon kong pera sa araw na ito?<br>(puwedeng sabihing "wala") | | | | | |

Ang pagtala ng naipong pera ay pagpapatuloy ng pagganyak para mag-ipon at mag-impok.

***B.*** **Pagbuo ng Anotasyon**

| **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** |
|---|---|---|
| ***Estratehiya*** | | |
| ***Kagamitan*** | | |
| ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***Prinsipyo sa pagtuturo***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***Mag-aaral***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | | | |

| | |
|---|---|
| ***Inihanda ni:***<br>***Venicris M. Alonsozana*** | ***Sinuri ni:***<br>***Liza T. Bacierra*** |
| ***Institusyon:***<br>***De La Salle University – Dasmarinas*** | ***Institusyon:***<br>***Leyte Normal University*** |